

* Ipinadadala po ang liham na ito sa mga kostumer na gumagamit ng aming bangko sa petsang YYYY/MM/DD. Kung naisara na ang account sa aming bangko, hindi kinakailangan ang pagsagot sa liham na ito.

YYYY/MM/DD
Japan Post Bank, Co., Ltd.

Kahilingan para sa Pagpapakita ng Kasalukuyang Residence Card

* Maaaring tiyakin ang patnubay sa ibang wika bukod sa wikang Hapones sa website ng aming bangko (URL na nakasulat sa ibaba).

Umaasa kaming nasa mabuti kayong kalagayan.

Marami pong salamat sa patuloy ninyong paggamit ng Japan Post Bank at ng post office.

Sa ngayon po, tumataas ang kahalagahan ng hakbang laban sa money laundering at terrorism financing sa pandaigdig na pamayanan. Para rito, sa mga institusyong pinansyal sa Japan, nagsasagawa ng iba't ibang hakbang, at nagsisikap sa pagpapanatili ng maayos na sistemang pinansyal, sa pakikipagtulungan sa mga may kinalamang kagawaran at iba pang ahensya ng pamahalaan. Bilang isa sa mga ito, sa aming bangko rin, isinasagawa ang regular at patuloy na pagkumpirma ng panahon ng paninirahan (araw ng pagtatapos) sa residence card, hindi lamang sa mga panibagong kostumer na magtatransaksyon, kundi maging sa mga kostumer na nakapagtransaksyon na.

Kaugnay rito, paumanhin po sa abala sa inyo, ngunit hinihiling ang inyong pagtugon sa sumusunod na paraan tungkol sa sumusunod na account na inyong pag-aari.

Code number at account number ng sakop na account (ordinary (savings) deposit o transfer account)	*****-****○○○○ (Ipinapakita lamang ang huling 4 na digit)
Huling araw ng pagtugon	YYYY/MM/DD

Sa aming bangko, hangad naming patuloy na pangalagaan ang mahalagang ari-arian ninyong mga kostumer, at magpatuloy kayong magtransaksyon nang panatag at ligtas. Dahil mahalaga para rito ang inisyatibong ito, hinihiling ang inyong pag-unawa at pakikipagtulungan.

Ipagpaumanhin naman po ninyo na kung hindi makakatugon hanggang sa huling araw ng pagtugon, alinsunod sa regulasyon ng aming bangko*, maaaring hindi ninyo magamit ang ilang serbisyo ukol sa account sa loob ng panahon hanggang makatugon kayo. Mangyari lamang na unawain ninyo ito.

* Seksyon 3, Artikulo 13-2 ng Regulasyon sa Ordinary Savings, Seksyon 3, Artikulo 28-2 ng Regulasyon sa Transfer Savings Account atbp.

Paraan ng Pagtugon

Mangyaring mag-access mula sa smartphone o PC, sa “Japan Post Bank Webpage para sa Pagdeklara ng Impormasyon ng Kostumer” mula sa link na nakasulat sa page ng “Kahilingan ng Pagsumite atbp. ng Impormasyon ng Kostumer”* sa website ng aming bangko (ibabang bahagi), at i-upload ang image ng kasalukuyang residence card.

Ang sumusunod ang ID at password para sa pag-login.

(Kapag na-scan sa smartphone ang QR code sa kanan, maaaring laktawan ang pag-enter ng ID at password, at direktang mag-login)

[ID] *****

[Password] *****

* (URL) https://www.jp-bank.japanpost.jp/honnin/hn_zct.html

* Kung walang smartphone atbp., o kung mahirap ang pagtugon mula sa smartphone atbp. ayon sa iba pang dahilan, hinihiling ang inyong pakikipag-ugnayan sa nakasulat sa ibabang Mapagtatanungan.

Para sa kaligtasan,
naka-encrypt ang
bahagi ng nilalaman

Mapagtatanungan	JAPAN POST BANK Co., Ltd.
	Sentro ng Pangangasiwa sa Impormasyon ng Kostumer
	Tel 0120-340-004
	<Oras ng tanggapan> Lunes - Biyernes 9:00 - 19:00 Sabado, Linggo, holiday 9:00 - 17:00
	(Hindi maaaring gamitin sa Disyembre 31 - Enero 3)